Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-20 NG PEBRERO, 2021.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 17-2021

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA PINAGTITIBAY ANG 2021 TAUNANG PAGLALAAN NG PAMAHALAANG BARANGAY NG LUGAM NA NAKAPALOOB SA KANILANG BARANGAY APPROPRIATION ORDINANCE NO. 02-2020 NA NAGKAKAHALAGA NG LIMANG MILYON, ANIM NA RAAN AT TATLUMPUNG LIBO, LIMANG DAAN AT WALONG PISO (PHP5,630.508.00).**

**Akda nina: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. EDGARDO F. DOMINGO AT KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

**SAPAGKAT,** naisumite sa dakilang kapulungang ito, partikular sa Lupon sa Paglalaan at Paggugol para sa kaukulang pagrerebisa ang 2021 Taunang Paglalaan ng Barangay **Lugam** ng Lungsod ng Malolos batay sa kanilang pinagtibay na Barangay Appropriation Ordinance No. 02-2020;

**SAPAGKAT,** ang nasabing 2021 Taunang Paglalaan ng Barangay **Lugam** Lungsod na ito ay nagkakahalaga ng **LIMANG MILYON, ANIM NA RAAN AT TATLUMPUNG LIBO, LIMANG DAAN AT WALONG PISO (PHP5,630.508.00);**

**SAPAGKAT,** nakapaloob din sa 2021 Taunang Badyet ng Pamahalaang Barangay ng Lugam ang 20% Development Fund na nagkakahalaga ng Isang Milyon Tatlumpu't Walong Libo, Siyam na Raan at Isang Piso at Animnapung Sentimo (Php1,038,901.60);

**SAPAGKAT,** sa nabanggit na Taunang Paglalaan ng Pamahalaang Barangay ng **Lugam** malinaw na naihayag ang mga programa at proyektong pagsasandigan ng mga gastusin na inakma sa lalong pagpapaigting ng paglilingkurang madla tungo sa higit na ikaiinam ng kagalingang panlahat;

**SAPAGKAT,** batay sa tagubilin ng Executive Order No. 27, marapat lamang na ang PROGRAMS, PROJECTS AND ACTIVITIES (PPA's) ng bawat Barangay ay naka-angkla sa National Development Goal; AMBISYON NATIN 2040 at sa 2030 Agenda for Sustainable Development (SDG's);

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Seksyon 305(i) ng R.A. 7160 ang pagbalangkas ng Local Development Plans, Annual Investment Program (AIP) ay nakabatay sa Barangay Development Plan;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

**SAPAGKAT**, ang Taunang Paglalaan ng Pamahalaang Barangay ng **Lugam** sumasang-ayon sa probisyon ng R.A. 7160 partikular sa Seksyon 325, patungkol sa pangkalahatang limitasyon sa paghahanda ng Taunang Paglalaan gaya ng paglalaan para sa 55% Personnel Services, 10% Sangguniang Kabataan (SK) Fund (Sec. 329, R.A. 7160, Sec. 20(a), R.A. No. 10742, 20% Development Fund (Section 287) (DILG-DBM Joint Memo Circular (JMC) No. 2017-1), 5% Calamity Fund, (Sec. 21 (R.A. 10121), 5% Gender and Development Fund (GAD) (R.A. 7192, R.A. 9710 at Philippine Commission on Women) 2% Discretionary Fund at 1% Senior Citizen and Persons with Disability (PWD) Fund;

**SAPAGKAT**, batay sa Seksyon 16 ng R.A. 7160 kilala sa Taguring Local Government Code of 1991, na tungkulin ng Pamahalaang Lokal na isulong ang kagalingang panlahat at ang 2020 Taunang Badyet ng Barangay **Lugam** ay instrumento sa nasabing tadhanain ng batas;

**SAPAGKAT**, ang mabunying Sangguniang Panlungsod ay may animnapung (60) araw upang rebisahin o repasuhin ang mga paglalaang pinagtibay ng Sangguniang Barangay;

Sa kahilingan ni **Kgg. Nino Carlo C. Bautista** na sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA**, gaya ng ditoý ginagawang pagpapasiya na pinagtitibay ang 2021 Taunang Paglalaan ng Pamahalaang Barangay ng **Lugam** na nagkakahalaga ng **LIMANG MILYON, ANIM NA RAAN AT TATLUMPUNG LIBO, LIMANG DAAN AT WALONG PISO (PHP5,630,508.00)**.

PINAGTIBAY.

| | |
|---|---|
| **KGG. FRANCISCO J. CASTRO**<br>KASANGGUNI | **KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**<br>KASANGGUNI | **KGG. MICHAEL M. AQUINO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. ENRICO C. CAPULE**<br>KASANGGUNI | **KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. EMMANUEL R. SACAY**<br>KASANGGUNI | **KGG. EDGARDO F. DOMINGO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**<br>KASANGGUNI | **KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. DIONISIO C. MENDOZA**<br>KASANGGUNI - ABC President | **KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**<br>KASANGGUNI - SK President |

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*02202021